



Pagbabago sa Batas ng Imigrasyon at Refugee Act ay ipapatupad

●Pangunahing puntos ng batas ng Imigrasyon at Refugee Act

- (1) Ang mga dayuhang nagtatrabaho sa Japan ay makakapagtrabaho ng mas matagal kahit ito ay simpleng trabaho lang. Itinalaga din ang bagong kwalipikasyon na Specialized technical skills No.2 upang payagang magkaroon ng permanent residence at makasama ang pamilya sa Japan.
- (2) Ang "Immigration Services Agency" ay itinalaga upang madaling matugunan at maayos ang mga problema ng mga dayuhang manggagawa na naninirahan sa Japan.

Technical Interns (Taong nagsasanay ng pamamaraan habang nagtatrabaho bilang interns)
⇒⇒ Interns na nagtrabaho ng 3 taon

Maliban sa technical interns, mga nais magtrabaho sa unang pagkakataon sa Japan
⇒⇒ Dapat pumasa ng Japanese language test (N4) (dapat marunong makipag-usap sa simpleng Japanese) at pumasa sa teknikal na pagsusuri.

Specialized technical skills No. 1 (5 taon ang pinakamatagal na pananatili)

- ★Hindi maaaring isama ang pamilya.
- ★Ang kwalipikasyong ito ay para sa 14 trabaho gaya ng agrikultura, industriya ng konstruksyon, caregivers, at iba pa.

Kung may pagkahasa na sa wikang Hapon at pumasa sa mas mahirap na teknikal na pagsusuri, makakakuha ng specialized technical skill visa No.2 (walang limitasyon sa pananatili sa Japan)

- ★Mga industriya ng konstruksyon at paggawa ng barko ang target na trabaho sa specialized technical skills No.2.
- ★Ang pananatili sa Japan ay mapapalawig sa regular na pagpapa-inspect ng status para makapag-apply at makakuha ng permanent residence.
- ★Makakasama ang pamilya (asawa at mga anak).
- ★Mahirap kumuha ng specialized technique No.2 kaysa No. 1 dahil dapat mas bihasa sa wikang Hapon at mas mataas ang skill.

Q	Mga trabaho na makakuha ng kwalipikasyon para sa Specialized technical skills No.1
A	Ang 14 na trabaho: 1.Pag-aalaga/ caregiver 2.Industriya ng kainan 3.Industriya ng konstruksyon 4. Paglinis ng gusali 5.Industriya ng agrikultura 6.Industriya ng paggawa ng pagkain at inumin 7. Industriya ng Hotels at hospitality 8.Industriya ng makinarya(Paghubog ng parte ng mga makina gamit ang tinunaw na pulbos na bakal) 9.Pagawaan ng barko 10. Pangingisda 11.Pagpanatili at pag-ayos ng sasakyan 12.Pagawaan ng industrial equipment 13.Industriya ng Electronic information 14. Airfreight industry
Q	Paano makakakuha ng Specialized technical skills No.1 ang kasalukuyang technical intern?
A	Kung nakapagtrabaho ng 3 taon bilang technical intern, kwalipikado ka na kahit hindi kumuha ng pagsusuri.
Q	Technical intern ako ngayon. Ilang taon maaring magtrabaho kung Specialized technical skills No.1?
A	Hanggang 5 taon sa trabaho ang technical intern. Kung may Specialized technique No.1, maaaring magtrabaho hanggang sa 5 taon. Subalit hindi maaaring makasama ang pamilya.
Q	Kwalipikado ba ang mga dayuhang nag-aaral sa Japan?
A	Kung magtapos at pumasa sa Japanese language test (N4) at mapatunayang may kakayahan at kaalaman sa isa sa mga 14 na trabaho, kwalipikado siya sa specialized technical skills No. 1.
Q	Ano ang pangunahing punto ng sistemang ito?
A	(1) Dalawang uri ang specialized technical skills at maaaring manatili ng 10 taon at magkaroon ng permanent residency kung kwalipikado. (2) Ang sahod ay parehas o maaring humigit pa sa sinasahod ng mga Hapon.



Pumunta sa city hall kung may problema o alalahanin--Papapayo para sa mga dayuhan sa Fujimi-shi City Hall



Maaaring humingi ng pagpapayo sa Fujimi-shi city hall. Magsadya lamang kayo.

Araw at oras: 1:00-4:00 pm, tuwing Huwebes

Lugar: 2nd floor ng Fujimi-shi City Hall

Maraming bagay na kakaharapin habang

naninirahan sa Japan gaya ng paghahanapbuhay,

pag-aalaga ng anak, pagpapagamot kung nagkakasakit, tirahan

edukasyon. Ang FICEC ay nagbibigay tulong at pagpapayo

upang maging komportable ang inyong pamumuhay sa Japan.



Anong hakbang ang gagawin sakaling magkalindol?



Ang FICEC at Fujimi-shi ay nagsagawa ng pampleta ng “Gabay sa Pagplano ng paghahanda para sa kalamidad”. Para sa paghanda sa sakuna “Paghanda sa araw-araw na buhay”, “Tiyakin na ligtas ang pamilya,” “Pagkuha ng tamang impormasyon”, “Antas ng emerhensya” at iba pa ay ipinapaliwanag ng may larawan.

Nakasalin sa iba pang wika: Intsik, Ingles, Korean, Tagalog, Vietnam, Simpleng wikang Hapon.

https://www.city.fujimi.saitama.jp/anzen_anshin/08bousai/plan_manual/2018-0614-1441-50.html

Maaari ding makakuha ng pampletang ito sa FICEC.

Tamang pagtatapon ng basura



May kahirapan ngunit mahalaga ang paghiwa-hiwalay ng basura sa Japan. Ang maling pagtapon ng basura ay maaring magdulot ng gulo sa magka-kapitbahay. Alamin ang tamang pagtapon ng basura, may paliwanag sa iba't-ibang wika.



Fujimino-shi

<http://www.city.fujimino.saitama.jp/doc/2019030100039/>



Fujimi-shi

<https://www.city.fujimi.saitama.jp/translation.html>



Miyoshi-machi

https://www.town.saitama-miyoshi.lg.jp/life/gomi/gomi_syuu.html

Sa mga nais magtrabaho bilang caregivers, maaring makapag-aral ng libre

- Klase: Hunyo 3 hanggang Nobyembre 13
 - Libreng tuition. (Babayaran ang Textbooks at health examination fee)
 - Sinuman na kwalipikadong tumanggap ng insurance (koyo hoken) sa trabaho
 - Sa mga makakadalo sa lahat ng mga klase
 - Lugar: Nogyo Kyosai Kaikan, Saitama
 - Aplikasyon: Hello Work (Hanggang Mayo 16)
- Para sa detalye tingnan sa web site:
<http://www.kaigo-center.or.jp/shibu/saitama>



©Pagtitipon para sa paunang paliwanag
- Petsa: Mayo 14 (Mula 10:45) - Lugar: Urawa Community Center
- Kontakin: Kaigo Rodo Antei Center 048-813-2551



Libreng makakasamang tagapagsalin

Mayroong serbisyong tagapagsalin para sa may kinalaman ukol sa mga bata mula sa Abril- Disyembre, sa tulong ng Chuo Labor Bank. Tawagan kami kung kailangan ninyo ng tagapagsalin.

◆ Oras: 10:00 - 16:00, Lunes- Byernes

◆ Wikang may tagapagsalin: Ingles, Intsik, Filipino

◆ Lugar na puwedeng samahan: **City hall, ospital, paaralan, sa pagkonsulta sa centers tungkol sa bata, nursery schools, health insurance centers at iba pa, sa lugar ng Tobu Tojo line**

◆ Tel.: Fujimino International Cultural Exchange Center **049-256-4290**